www.kidworship.kr



129Page



130Page



131Page



132Page

# Ang Banal na Hapunan

– 19th Story–

**NAR** Bisperas na noon ng Paskwa. Ang Paskwa ay nagpapaalala ng paglaya ng mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto at ang pagiging malayang bansa nila. Para sa mga Israelita, ang Paskwa ay isang napakasayang araw at dapat ipagdiwang. Alam ni Jesus na dumating na ang panahon ng kanyang pag–alis sa daigdig na ito upang bumalik sa Ama. Kaya sa bisperas ng Paskwa, tinipon nya ang Kanyang mga alagad para sa isang espesyal na hapunan.

---

**NAR** Nang ang mga alagad ay nakaupo, sinimulang hugasan ni Jesus ang paa nila. Gulat na gulat ang mga alagad.

**Disciples** “Panginoon, bakit kayo pa ang maghuhugas ng mga paa namin?”

**NAR** Kahit na nag–aalangan ang mga alagad, Isa–isang hinugasan ni Jesus ang kanilang mga paa. Hindi alam ng mga alagad kung ano ang gagawin. At nang si Pedro na ang susunod:

**Peter** “Panginoon, huhugasan n’yo po ba ang mga paa ko?” “Hindi pwedeng kayo ang maghugas ng mga paa ko.”

**Jesus** “Malibang hugasan kita, wala kang bahagi sa akin.”

**Peter** “Kung ganoon Panginoon, hindi lang po ang mga paa ko ang hugasan n’yo kundi pati na rin ang mga kamay at ulo ko!”

**NAR** Nagbago ang isip ni Pedro at hiningi kay Jesus na hugasan pa siyang mabuti..

---

**NAR** Nang mahugasan na ni Jesus ang mga paa nila, muli niyang isinuot ang kanyang damit–panlabas at bumalik sa hapag–kainan.

**Jesus** Kung ako na Guro at Panginoon ninyo ay hinugasan ang inyong mga paa, dapat ay ganoon din ang gawin ninyo sa isa’t isa. Ginawa ko ito bilang halimbawa na dapat ninyong tularan.

**NAR** Habang sila'y kumakain, dumampot si Jesus ng tinapay, at matapos mag–pasalamat sa Diyos ay pinaghati–hati niya iyon, ibinigay sa mga alagad at sinabi,

**Jesus** “Kunin ninyo ito at kainin.“Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag–alaala sa akin.”

**NAR** Ganoon din ang ginawa niya sa inumin: kinuha niya ito at nagpasalamat sa Dios, at sinabi,

**Jesus** “Ang inuming ito ang bagong kasunduan na pinagtibay ng dugo kong mabubuhos ng alang–alang sa inyo para iligtas kayo sa inyong kasalanan. Gawin ninyo ito bilang pag–alaala sa akin.”



133Page

NAR Pagkatapos ay sinabi ni Jesus.

Jesus Ang isa sa inyo ay magta-traydor sa akin.

NAR Ang tinutukoy ni Jesus ay si Judas Iscariote. Gulat na gulat ang mga alagad. Nagpatuloy si Jesus:

Jesus “Ako na Anak ng Tao ay papatayin ayon sa sinasabi ng Kasulatan, ngunit nakakaawa ang taong magtatraydor sa akin! Mabuti pang hindi na siya ipinanganak.”

NAR Takot na nagtanong ang mga alagad kay Jesus.

Disciples Panginoon, ako ba yon?

Jesus “Kung sino ang bibigyan ko ng tinapay na isinawsaw ko, siya iyon.”

NAR At ibinigay Nya iyon kay Judas Iscariote. Sinabi ni Jesus:

Jesus “Gawin mo na agad ang gagawin mo.”

NAR Pagkakain ni Judas ng tinapay, agad siyang umalis. Gabi na noon.



134Page

NAR Matapos ang hapunan, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad.

Jesus Kahit na sumunod kayong lahat sa akin hanggang ngayon, darating ang oras, at dumating na nga, na magkakawatak-watak kayo at magkakan-ya-kanya, at iiwan n'yo akong nag-iisa.

Peter “Kahit iwanan po kayo ng lahat, hindi ko kayo iiwan.”

NAR Sinagot siya ni Jesus,

Jesus , “Sinasabi ko sa iyo ang totoo, bago tumilaok ang manok nang pangala-wang beses ngayong gabi, tatlong beses mong ikakaila na kilala mo ako.”

NAR Pero iginiit pa rin ni Pedro.

Peter “Hinding-hindi ko kayo ikakaila, kahit na patayin pa akong kasama ninyo.”

NAR Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad.

Jesus Sa tahanan ng aking Ama ay maraming silid. Pupunta ako roon para ipa-ghanda kayo ng lugar. Hindi ko ito sasabihin kung hindi ito totoo. Kapag naroon na ako at naipaghanda na kayo ng lugar, babalik ako at isasama kayo upang kung nasaan ako ay naroon din kayo.

NAR Ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga alagad na babalik Siya at masayang kumain ng huling hapunan kasama nila



135Page

NAR Hanggang ngayon, ipinagdiriwang ng mga tagasunod ni Jesus ang pagha-hati-hati ng tinapay at inumin ng huling hapunan. Ngayon, ito ay kilala bilang "Holy Communion" o "Banal na Hapunan". Sa pamamagitan nito, in-aalala natin ang pagkamatay ni Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan at nagpapasalamat tayo sa Kanya.